**Pampublikong Pulong tungkol sa Pagbabago sa Pagkontrol at Pamamahala ng St. Joseph Health System at Adventist Health System/West**

**Iminumungkahing Pagbabago sa Pagkontrol at Pamamahala**

Sinusuri ng Pangkalahatang Abugado ang isang iminumungkahing transaksiyon sa pagitan ng Adventist Health System/West, isang di-nagtutubong korporasyong relihiyoso sa Calfironia, nagnenegosyo bilang Adventist Health, at St. Joseph Health System, isang di-nagtutubong korporasyon ng pampublikong benepisyo sa California. Ang Adventist Health System/West at St. Joseph Health System ay nagmumungkahi ng pagbuo ng isang magkasamang hinahawakang mapagkawanggawang limitado ang liabilidad na kompanya sa Califonia na tinatawag na ST Network, LLC, upang magkaloob ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga kasalukuyang pasilidad na pangkalusugan na matatagpuan sa mga county ng Humboldt, Lake, Mendocino, Napa, Solano, at Sonoma. Ang Adventist Health System/West ay ang tanging miyembro ng bawat isa ng pangkorporasyong mga pasilidad na pangkalusugan na lumalahok sa iminumungkahing transaksiyon. Ang St. Joseph Health System ay ang tanging miyembro ng St. Joseph Health Northern California, LLC, isang mapagkawanggawang limitado ang liabilidad na kompanya sa California, na nagpapatakbo ng mga pasilidad na pangkalusugan na lumalahok sa iminumungkahing transaksiyon. Ang ST Network, LLC ay binubuo sa ilalim ng Pangkalahatang Kasunduan sa Pagbuo sa pagitan ng Adventist Health System/West, at St. Joseph Health System. Ang transaksiyon ay sinusuri sa ilalim ng proseso ng pagsusuri ng nakasulat na paunawa alinsunod sa seksyon 5920 at kasunod ng Kodigo sa mga Korporasyon.

Limang pasilidad na pangkalusugan ng Adventist Health System/West ang isasama sa ST Network, LLC:

(1) Adventist Health Clearlake Hospital, Inc. dba Adventist Health Clear Lake, isang pangkalahatang ospital ng matinding pangangalaga na may 32 lisensiyadong kama, matatagpuan sa Clearlake, CA;

(2) St. Helena Hospital dba Adventist Health St. Helena, isang pangkalahatang ospital ng matinding pangangalaga na may 151 lisensiyadong kama, matatagpuan sa St. Helena, CA;

(3) Ukiah Adventist Hospital dba Adventist Health Ukiah Valley, isang pangkalahatang ospital ng matinding pangangalaga na may 68 lisensiyadong kama, matatagpuan sa Ukiah, CA;

(4) Willits Hospital, Inc. dba Adventist Health Howard Memorial, isang pangkalahatang ospital ng matinding pangangalaga na may 25 lisensiyadong kama, matatagpuan sa Willits, CA; at

(5) St. Helena Hospital dba Adventist Health Vallejo, isang ospital ng matinding pangangalaga ng isip na may 61 lisensiyadong kama, matatagpuan sa Vallejo, CA.

Apat na pasilidad na pangkalusugan ng St. Joseph Health System ang isasama sa ST Network, LLC:

> (1) Queen of the Valley Medical Center, isang pangkalahatang ospital ng matinding pangangalaga na may 208 lisensiyadong kama, matatagpuan sa Napa, CA;
>
> (2) Santa Rosa Memorial Hospital, isang pangkalahatang ospital ng matinding pangangalaga na may 329 lisensiyadong kama, matatagpuan sa Santa Rosa, CA;
>
> (3) St. Joseph Hospital, isang pangkalahatang ospital ng matinding pangangalaga na may 153 lisensiyadong kama, matatagpuan sa Eureka, CA; at
>
> (4) Redwood Memorial Hospital, isang pangkalahatang ospital ng matinding pangangalaga na may 35 lisensiyadong kama, matatagpuan sa Fortuna, CA.

Ang mga tadhana ng iminumungkahing transaksiyon ay nakalagay sa mga nakasulat na paunawa sa Pangkalahatang Abugado mula s Adventist Health System/West, at St. Joseph Health System. Kung gusto mong humiling ng isang kopya ng mga nakasulat na paunawa sa CD, mangyaring tumawag kay Scott Chan sa scott.chan@doj.ca.gov o 415-510-3430 at ibigay ang iyong pangalan at address na pangkoreo. Ang mga kopya ng mga nakasulat na paunawa ay makukuha rin para sa pagsusuri sa mga pangkaraniwang oras ng trabaho, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm sa mga sumusunod na lokasyon:

| | | |
|---|---|---|
| Adventist Health Clear Lake<br>15630 18th Avenue<br>Clear Lake, CA 95422<br>Makukuha ang mga kopya sa Administration<br>Tumawag sa: (707) 994-6486, ext. 5820 | Adventist Health St. Helena<br>10 Woodland Road<br>St. Helena, CA 94574<br>Makukuha ang mga kopya sa Administration<br>Tumawag sa: (707) 963-3611, Ext. 5982 | Adventist Health Ukiah Valley<br>275 Hospital Drive<br>Ukiah, CA 95482<br>Makukuha ang mga kopya sa Administration<br>Tumawag sa: (707) 463-7637 |
| Adventist Health Howard Memorial<br>One Marcela Drive<br>Willits, CA 95490<br>Makukuha ang mga kopya sa Administration<br>Tumawag sa: (707) 459-6801 | Adventist Health Vallejo<br>525 Oregon Street<br>Vallejo, CA 94590<br>Makukuha ang mga kopya sa Administration<br>Tumawag sa: (707) 648-2200<br>(707) 649-4925 | Queen of the Valley Medical Center<br>1000 Trancas St.<br>Napa, CA 94558<br>Makukuha ang mga kopya sa mesa ng impormasyon<br>Tumawag sa: (707) 252-4411, ext. 2011 |
| Redwood Memorial Hospital<br>3300 Renner Drive<br>Fortuna, CA 95540<br>Makukuha ang mga kopya sa Administration<br>Tumawag sa: (707) 725-3361, ext. 4353 | Santa Rosa Memorial Hospital<br>1165 Montgomery Drive<br>Santa Rosa, CA 95405<br>Makukuha ang mga kopya sa Administration<br>Tumawag sa: (707) 547-5495<br>(707) 547-5422 | St. Joseph Hospital, Eureka<br>2700 Dolbeer Street<br>Eureka, CA 95501<br>Makukuha ang mga kopya sa Administration<br>Tumawag sa: (707) 269-4223, ext. 2 |

Ang mga kopya ng mga nakasulat na paunawa ay makukuha rin sa mga sumusunod na website:

| | |
|---|---|
| www.adventisthealth.org | www.AdventistHealth.org |
| www.AdventistHealthHowardMemorial.org | www.stjoehumboldt.org |
| www.adventisthealth.org/sthelena | www.stjosephhealth.org |
| www.AdventistHealthUkiahValley.org | www.stjoesonoma.org |
| www.AdventistHealthClearLake.org | www.thequeen.org |
| www.AdventistHealthVallejo.org | www.stjhs.org |

Ang Pangkalahatang Abugado ng California ay magsasagawa ng isang pampublikong pulong na nauukol sa iminumungkahing transaksiyon na ito sa Hulyo 1, 2019, simula sa 10:00 a.m., sa North Vallejo Community Center na matatagpuan sa 1121 Whitney Avenue, Vallejo, California 94589. Ang layunin ng pampublikong pulong ay upang tumanggap ng mga komento tungkol sa iminumungkahing transaksiyon at ang mga epekto nito sa mga komunidad na pinaglilingkuran ng Adventist Health Vallejo, at upang isaalang-alang ang anumang Pahayag ng Epekto sa Pangangalagang Pangkalusugan na inihanda ng mga kasangguning kinuha ng Pangkalahatang Abugado ng California kaugnay ng pagsusuri ng Pangkalahatang Abugado ng California sa transaksiyong ito, gaya ng iniaatas ng sekson 5920 at kasunod ng Kodigo sa mga Korporasyon o upang isaalang-alang ang naunang mga Kondisyon na inisyu ng Pangkalahatang Abugado. Bago ang mga pampublikong pulong, anumang Pahayag ng Epekto sa Pangangalagang Pangkalusugan ay makukuha sa website ng Pangkalahatang Abugado ng California sa http://www.oag.ca.gov/charities/nonprofithosp.

Ang mga tao ay maaari at hinihimok na magharap ng kanilang mga nakasulat na pananaw tungkol sa iminumungkahing transaksiyon sa Opisina ng Pangkalahatang Abugado ng Califonia sa paraang elektronikal sa pamamagitan ng email sa scott.chan@doj.ca.gov, sa pamamagitan ng facsimile sa (415) 415-510-3430, o sa pamamagitan ng pagpapakoreo ng isang kopya kay Scott Chan, Kinatawang Pangkalahatang Abugado, 455 Golden Gate Avenue, Suite 11000, San Francisco, CA 94102. Ang huling-araw ng pagtanggap ng mga nakasulat na komento ay Hulyo 3, 2019.